**Para sa mga Technical Intern at kanilang mga employer (Mga Organisasyong Nagpapatupad)**

# Nakapagpatala na ba kayo sa sistema ng pampublikong pensyon ng Japan?

**Impormasyon tungkol sa sistema ng pampublikong pensyon ng Japan para sa mga Technical Interns**

Ang sistema ng pampublikong pensyon ay isang sistema na, sa pamamagitan ng pagbayad ng mga tao ng buwanang kontribusyon, ay nagbibigay ng benepisyo di lamang sa matatanda ngunit pati rin sa di-inaasahang panganib katulad ng kapansanan at kamatayan. Lahat ng naninirahan sa Japan anuman ang nasyonalidad na may gulang na 20 hanggang 59*, ay kinakailangang masakop ng sistema ng pampublikong pensyon ng Japan. Ang mga Technical Interns ay kinakailangan din na magpatala sa sistema ng pampublikong pensyon ng Japan (sa Pension Insurance System para sa mga Manggagawa o sa Pambansang Sistema ng Pensyon).

* Para sa Pension Insurance System para sa mga manggagawa, lahat ng nasa edad 70 pababa ay kinakailangang sumali dito.

## Mga uri ng sistema ng pampublikong pensyon na dapat ipatala ng Technical Interns


Habang nagsasanay bilang Technical Intern, ang sistema ng pensyon na kailangan mong ipatala ay nagkakaiba ayon sa programa ng pagsasanay tulad ng sumusunod:

(1) Habang nasa lecture program, kailangang magpatala sa Pambansang Sistema ng Pensyon.

Note: Bago pa man mag-umpisa ang inyong training, kailangan ninyong magpatala sa Pambansang Sistema ng Pensyon pagkarehistro ng inyong tirahan sa Japan.

(2) Habang nasa on-the-job training (OJT) pagkatapos ng lecture program, kailangang magpatala sa Pension Insurance System para sa mga Manggagawa, o manatili sa Pambansang Sistema ng Pensyon.

Note: Kapag inyong pinagtatrabahuan bilang Technical Intern ay kasali sa Pension Insurance System para sa mga Manggagawa, kailangan ninyo din na magpatala sa Pension Insurance System para sa mga Manggagawa. Kung hindi, mananatili kayo sa Pambansang Sistema ng Pensyon




### (1) Pagpapatala sa Pambansang Sistema ng Pensyon

Pamamaraan ng Pagpapatala:

Ang mga Technical Intern ay kailangang gawin ang pagpapatala sa inyong munisipyo (tanggapan ng Pambansang Sistema ng Pensyon) o sa pinakamalapit na tanggapan ng JPS.

Pagbayad ng kontribusyon:

Ang mga Technical Intern ay kailangang bayaran ang buong buwanang kontribusyon, gamit ang abiso ng pagbayad na pinapadala ng sangay ng JPS pagkatapos ng pagpapatala. Maaari ninyong mabayaran sa pamamagitan ng bank transfer o iba.

Iksemsyon sa pagbayad ng kontribusyon:

Kapag nahihirapan kayo magbayad ng kontribusyon dahil sa mababang kinikita o iba pang dahilan, maaari kayong mag-apply ng iksemsyon sa inyong munisipyo (tanggapan ng Pambansang Sistema ng Pensyon) o sa pinakamalapit na sangay ng JPS.

### (2) Pagpapatala sa Pension Insurance System para sa mga Manggagawa o sa Pambansang Sistema ng Pensyon

***Para sa Pension Insurance System para sa mga Manggagawa***

*Pamamaraan* ng Pagpapatala

Ang kumpanya o amo sa Technical Intern ay kailangang gawin ang pagpapatala sa tanggapan ng JPS.

Pagbayad ng kontribusyon:

Ang Technical Intern at ang kumpanya o amo ay hahatiin ang pagbayad ng kontribusyon. Ang nag-eempleyo ay binabawasan ang hati ng Technical Intern mula sa kanilang sweldo, at sabay na binabayad ang kanilang bahagi.

***Para sa Pambansang Sistema ng Pensyon***

Ang pamamaraan ng pagpapatala ay magkapareho sa (1). Subalit, kung kayo ay kasali na ng Pambansang Sistema ng Pensyon sa umpisa ng lecture program, hindi na ninyo kinakailangan gawin muli ang pagpapatala.

Para sa karagdagang mga detalye tungkol sa sistema ng pampublikong pensyon, bisitahin ang website ng Japan Pension Service. (https://www.nenkin.go.jp/international/index.html)

日本年金機構
Japan Pension Service

2302 1016 028